


MANGAGPAKABABA KAYO

 [Binibigyan ng pambungad na pagpapakilala ni Kapatid na Neville si Kapatid na Branham—Pat.] Oh, Kapatid, masasabi mo talagang nakaka sorpresa ito. Gusto ko lang pong magbigay ng pabatid kung ganoon, “Nawa’y mapag-aralan ito rito: itong tungkol sa pagbubulay ko sa bagay na gaya n’yan.” [Si Kapatid na Branham at kongregasyon ay tumatawa.]

² Tunay na lagi akong nagagalak sa tuwing napaparito ako. Ang lakad po namin ay halos malapit nang matapos ngayon, itong pananatili namin dito kasama n’yo. Dahil, may kasunod na pagtitipon kami na parating sa Chicago, at kinakailangan kong maiwi na agad ang—ang pamilya ko sa Arizona sa lalong madaling panahon. At hindi pa sila nakakapag bakasyon para sa tag-araw, at ang dapat sana’y maimaneho ko sila kung saang dako, sa loob ng ilang araw. At pagkatapos marahil wala ako rito ng isang, isang araw, isa sa mga Linggo, at pagkatapos sa kasunod na sanglinggo ay magpapasimula na ako sa Chicago. Pagkatapos babalik uli agad ako, ng Lunes, at dadalhin sila sa Arizona.

³ At hayan nga’t di ko po masyadong gusto na umaga na ng Linggo ako nakakaabot dito, na tuloy kukunin ko ’yung oras na nakakapag pahinga na sana ang lahat. Tuwing Linggo ng gabi, lagi kayong pagod at mas lalong napapagod, kapag Linggo ng gabi; at pagkatapos ibibigay pa ang gawain ng Linggo ng gabi sa ating pastor, medyo—medyo napapahaba. Haya’t di ko sana gustong gawin ’yan, at kaso tuwing Linggo ng gabi nagagawa ko, na sa Linggo ng gabi, na magdaos ng gawain ng Linggo ng gabi, tapos napapanatili ko nang matagal ang mga tao. Marami sa mga tao ang nanggagaling pa ng timog na malayo at—at sa norte na malayo rin, at kinakailangan nila tuloy, oh, minsan umaga’t gabi sila nagmamaneho, para makapunta rito para sa isang gawain, tapos uuwi pa. At ’yan nga ang dahilan kung bakit sinisikap ko na makapagdaos ng Linggo ng umaga, sa tuwing pupunta ako rito, para mabigyan sila ng mas maraming oras para makauwi.

⁴ Mga tapat ang loob, na masusugid na manlalakbay, tunay na hinahangaan ko sila! Nagmamaneho sila kahit niyebe, ulan, at lahat na, makapunta lang dito, babagtasin ang kalaparan ng bansa, na daan-daang milya ang layo, para sa isang munting gawain. Kaya nagbubunsod ito sa akin na magpasalamat nang lubos sa Diyos, at sa mga taong ito, sa kanilang malaking—sa kanilang malaking suporta, na itong bagay na sinisikap kong ipangusap, sa mga tao, ay ang Katotohanan.

⁵ Ngayon, naniniwala po ako na ito ang Katotohanan, ako po. . . nang buong puso ko. Kung may bagay na kakaiba, na sa

palagay ko ay mas mainam, ako—ako po’y mangunguna talaga sa pagpunta . . . Di ko sasabihan ang sinuman na magpunta sa isang lugar na di muna ako nakakapunta, para malaman kung ’yun ba’y tama o hindi. Hinding-hindi ko hihilingin sa isang tao na—na humakbang, sa Diyos, na di ko pa mismo nagagawa at nalalaman na iyon ay Katotohanan. Unang-una, kinakailangan na ito’y Salita ng Panginoon, pagkatapos ako’y hahakbang at titingnan ko ito kung ito ba’y tama. At pagkatapos kung ito’y tama, haya’t masasabi ko, “Magsipunta kayo sa dako *rito*.” Kita n’yo, inihahanda ang daan.

⁶ At, ngayon, iniisip ko nga na bawat ministro ay dapat ’yan talaga ang ginagawa, nangunguna dapat sa pagpunta, mismo. Siya dapat ang nangunguna, isang tagapanguna sa mga tao, at hindi basta magsasalita ng kung anong bagay na hindi naman niya nailagay ang kamay niya roon, mismo. Kinakailangan na manguna tayo at maging tagapanguna ng mga tao.

⁷ Nito pong umaga, nagkaroon po ako ng talagang kakaiba’t, di pangkaraniwang karanasan dito sa pulpito. At ’yun po’y, tungkol dun sa huling bahagi ng Mensahe, di po sana ganoon ang nilalayon kong pagkakasabi dun. Kita n’yo? Pero sa tingin ko ito’y nasabi na, at wala na akong magagawa dun ngayon. Pero heto nga’t nung pag-uwi ko, minabuti kong pag-aralan ang tungkol dun.

⁸ At nagkaroon po kami ng kaunting pagsasama-sama muli ng pamilya ngayon, mga kapatid ko lang at sila. Wala na kasi si nanay. At dati-rati ay dun kami sa bahay niya nagkikita-kita, at ngayon dun na po kami kina Delores nagpunta. Nagkaroon kami ng masayang pagsasama-sama ngayong hapon, nakapag kuwentuhan, at naroon din si Teddy na kasama. Umawit kami ng ilang awitin, tumugtog ng ilang himno’t ilang bagay.

⁹ Ngayon iniisip ko po, marahil sa susunod na Linggo ng umaga, kung loobin ng Panginoon, kung di naman alintana ni Kapatid na Neville, hayan nga’t gusto ko po sanang magdaos ng gawaing pagpapagaling, gawaing nakalaan lang mismo sa pagpapagaling. At aking—at aking naiisip, sa Mensahe nitong umaga, mistula bang pinangungunahan ako ng Panginoon na ihayag Ito, ihayag Ito, para himukin pa tayo nang kaunti, kita n’yo, para—para—para manampalataya pa nang husto. Tayo—tayo po’y pahapay-hapay, at tayo’y—tayo’y nakakapag-isip ng kung anu-anong bagay at may kung anu-anong kuro-kuro tayo tungkol dun. Pero hayan nga’t pagdating sa pagtutuos, iba na ito. Gaya nga ng . . .

¹⁰ May nakapagkuwento sa akin, sa palagay ko ’yung kapatid kong lalaki diyan sa likuran, may ikinukuwento siya na—na maikling kuwento kanina, tungkol sa isang lalaki, isang—isang ministro at ang kanyang . . . parang, isa sa kongregasyon niya,

ang sabi nung ministro'y kaya niyang lumakad na may pasan-pasan na troso.

Sabi niya, "Pastor, kayang-kaya mo, ang Panginoon kasi'y sumasa iyo."

Sabi niya, "Kaya kong magpasan ng troso sa likod ko, tapos tatawid diyan."

"Kayang-kaya mo, ang Panginoon kasi'y sumasa iyo." At kaya kumilos siya't ginawa 'yun.

¹¹ Sabi niya, "Kaya kong magpasan ng troso, at magtulak ng kartilya patawid, nang sabay."

¹² "Kayang-kaya mo, Pastor, ang Panginoon kasi'y sumasa iyo. Magagawa mo ang lahat dahil sa iyong pananampalataya."

¹³ Sabi niya, "Aba'y kaya ko ring nakasakay ka sa kartilya, tapos pasan-pasan ko itong troso."

Sabi niya, "Ngayon teka lang po!" Kita n'yo?

¹⁴ Ibang-iba nga kung kasama na kayo dun, mismo. Kita n'yo? Ngayon, haya't, napakainam namang talaga na nakakapagsabi tayo sa bagay na 'yan ng, "Amen." Napakainam namang talaga na nakakapagsabi tayo ng, "Naniniwala po akong totoo 'yan." Pero hayon nga't ilagay natin sa gawa. Kinakailangan n'yong ilagay 'yan sa gawa.

¹⁵ Gaya nga ng pagkalahad ko sa pahayag na 'yun nitong umaga, ang mga tao'y basta sumilong na lamang sa ilalim ng anino ni Pedro, ni di na nga sila humiling na maipanalangin.

¹⁶ Marami na po akong napuntahang mga tahanan, na ito mismo'y nasaksihan ko. Mananalangin ako bago pumunta roon, at papasok ako dun na may kalakip na pahid, at hindi na nga ipinapanalangin ang mga tao, at lalabas lang at napapagaling sila. Kita n'yo? Kita n'yo? Tama 'yun. Napakaraming beses ko nang nakita na naganap 'yun! Kita n'yo? Kinakailangan n'yong makaabot sa isang dako na mailalagak n'yo nga ang inyong pananampalataya. Kinakailangan n'yong paniwalaan 'yun. At naniniwala po ako na malapit na ang oras, at ito na 'yun mismo ngayon.

¹⁷ At naiintindihan ko na hindi ito isang gawaing pagteteyp. Marahil may ilan na itiniteyp ito para sa sarili nila, pero hindi po ito teyp na ipapadala sa buong bansa. Ang . . .

¹⁸ Ito pong ipinapangusap ko nitong umaga ang nagbunsod sa atin na makarating dun sa—dun sa rurok na 'yun, at 'yan po ang dahilan kung bakit kukunin ko ang susunod na Linggo para sa isang—isang—isang gawaing pagpapagaling. Dahil, mula nung nakauwi ako, nababanggit ko na sa inyo ang tungkol dun sa mga pangitain at kung anong mga nangyayari, at lahat, at dinala ito, sa kung bakit ko ginawa 'yung lahat ng mga bagay na 'yun. At

pagkatapos itong umaga nga, dinadala uli 'yun ngayon papunta sa huling Hatak na 'yun.

¹⁹ Ngayon ito na ang oras ng paglalaan ko sa Diyos; oras ng Diyos na mangusap sa akin. Kita n'yo, sa—sa—sa akin po lang ay nagnanais ako ng kaunting pagbabago sa aking sarili. Di naman dahil sa iniisip ko na masama ako, pero gusto ko—gusto ko pong maramdaman na ako'y mas malapit sa mga tao. Kita n'yo?

²⁰ Ang mga tao nga na pinagsusumikapan kong pangusapan ng Katotohanang ito na nasa Ebanghelyo, haya't tinatalikuran naman nila Ito, at lalakad palayo at tawananan Ito. Ngayon, sa akin po, para 'yung isang panunuya. Hindi ko po 'yun alintana, kung sa akin lang po; pero sa mga bagay na ipinapangusap ko, Ito mismo 'yung Katotohanan na sinisikap kong maitulong sa kanila. Kagaya na lang ng magtutulak ako ng bangka roon, at sasabihin ko, "Heto, heto na, magsilikas kayo! Hayan nga't, umalis kayo sa rumaragasang agos na 'yan, mamamatay kayo! Kayo, kayo'y mamamatay riyan!" At pagkatapos tawananan ka lang, at lalakad palayo. Buweno, sa akin, ang pakiramdam nga, kung lalakad sila palayo, para bang wala na akong magagawa sa bagay na 'yun, kita n'yo, na magagawa ko.

²¹ Pero gusto ko pa ring suyurin ang buong pampang ngayon at hikayatin pa rin sila, "Magsibalik kayo!" Kita n'yo, inaasam kong manatili pa rin sa akin ang damdaming ganoon, kita n'yo, dahil alam ko na may isa marahil dun na sinuman ang hindi pa nabibingwit. At ako'y—ako'y mangingisda hanggang sa . . . Sabi nga Niya, hanggang sa ang pinaka huling isda ay nabingwit na. Yan ang inaasam ko—inaasam kong gawin.

²² Ngayon, at ngayon nga, para maisagawa ito, umaasa ako na may kung anong bagay na mangyayari sa pagtitipon para sa pananalangin. Bagay na . . . At marami sa inyo ang naaalala pa 'yung pangitain na 'yun tungkol sa—tungkol sa huling Hatak, sa Ikatlong Hatak na 'yun, ang ibig ko pong sabihin. Naaalala n'yo, may kung anong bagay na nangyari bago 'yun: nakita ko 'yung Liwanag na 'yun na bumaba't dumako sa lugar na 'yun, at nagsabi, "Kakatagpuin Kita sa dakong 'yun." Ngayon ako po'y umaasa para sa isang bagay na mangyayari.

²³ Dito nga mga ilang taon na ang nakararaan, dati-rati 'yung mga gawain at 'yung mga espirituwal na pagkilala'y pinahihina ako na halos di na po ako makapaglakad. Marami sa inyo ang nakakaalala pa riyan. Darating sa punto na tumatayo ako at si Jack Moore nga'y umaalalay na sa isa kong braso, at si Kapatid na Brown naman sa kabila, at aalalayan ako sa paglalakad sa kalsada, nang isang oras kahit tapos na ang gawain. At ako, mangyaring, sinisikap kong maalala kung nasaan—nasaan kaya ako at kung ano na bang nangyayari. Pagkatapos, buong gabi sa pagkakahiga ko'y naiisip-isip ko 'yun, at mapapahibik ako't

lahat na, at mapapaisip kung bakit di pa rin nila matanggap-tanggap ang Panginoong Jesus.

24 Pagkatapos may sinaysay Siya sa aking pangitain, “Isang araw may makakatagpo kang isang ginang na dudulog sa iyo, nakasuot ng kulay-tsokolateng damit, at may dala-dala siyang maliit na sanggol na nakabalot ng kumot, at mula sa mismong oras na ’yun, magkakaroon ka na ng lakas na batahin ito nang may lalong higit na kalakasan.” Buweno, naikuwento ko na sa inyo ang lahat ng tungkol diyan. Sa Chicago nga’y nangyari ito, nung isang gabing ’yun dun noong may isang munting ginang na Presbyterian, mangyaring pinapunta siya mismo ng sarili niyang pastor sa dakong ’yun dala-dala ’yung sanggol.

25 At sa tingin ko may kapatid dun ’yung pastor, may isa sa kanila dun, na isang—isang doktor. Ang sabi, “Wala nang pag-asa ang sanggol maliban na lang kung hipuin siya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.” Nagpunta siya . . .

26 Nagpunta siya’t idinulog sa kanyang pastor. Sabi ng pastor niya, “Hindi ako—hindi ako karapat-dapat,” sabi niya, “para—para isagawa ang Makalangit na pagpapagaling na ito, dahil di ako . . . hindi ako pinagkalooban nito, ng pananampalataya na kinakailangan para maisagawa ito.” Ngayon, ’yun nga’y, ’yun nga’y pagsasabi lang ng totoo sa bagay na ’yun. Kita n’yo? Sabi niya, “Hindi ako pinagkalooban ng ganito.” Sabi niya, “Pero nanggaling ako minsan sa isa sa mga pagtitipon ni Kapatid na Branham, at pinapayuhan kita na dalhin mo ang sanggol na ito kay Kapatid na Branham.” At sinukuan na nga ’yun ng doktor, at talagang mamamatay na ’yun.

27 At ’yung munting ginang ay pumasok sa dakong ’yun kung saan nagdaraos ako noon ng kaunting parang—parang gawain para sa mga maliliit na Katolikong bata na nagtamo ng ilang paso dun, sa paaralan sa dakong ’yun, alam n’yo. Naaalala n’yo marahil nung nangyari ’yun. Nagdaraos kami ng gawain dun, at papalapit nga sa entablado roon ay ’yung munting ginang na ’yun na naka kulay-tsokolateng damit. Yung maybahay ko at ’yung iba pa’y nakaupo roon noon, at sabi ko . . . bumaling ako at tumingin, at tumingin ako sa buong paligid, at tinitingnan ko kung nakatayo sila sa kung saang dako. At mangyari nga, na bago ako sumampa dun, sa palagay ko si Billy Paul at ang iba pa sa kanila’y nakikipag-usap, o ’yung maybahay ko o kung sino man, nakikipag-usap dun sa ginang na may dala-dalang munting sanggol. At lumakad na sa entablado ’yung ginang, at inihayag ng Espiritu Santo ang buong bagay, at pinagaling dun mismo ang sanggol.

28 Lumakad ako, at magmula noon ay di na ako nakaramdam ng pagkapagod. Kita n’yo, di na ako naliligalig, at ako’y—ako’y tuluy-tuloy lang dun.

29 Ngayon ako po'y may inaantabayan na isang bagay na mangyayari, at sisimulan na 'yang pag-usad ng Ikatlong Hatak. Kita n'yo? At siguro sa susunod na Linggo ng umaga sa gawain para sa pagpapagaling, marahil lalabas na 'yun. Di ko po alam.

30 Sa palagay ko, ang nararapat nating gawin, ay ipamalita ito sa inyong mga kasama, papuntahin dito ang mga maysakit. Ngayon, para sa gawaing pagpapagaling na ito, kinakailangan nating ilaan ito sa mga maysakit. Papuntahin n'yo rito ang mga kasama n'yo na maysakit, at papuntahin n'yo sila rito nang maaga sa susunod na Linggo ng umaga, siguro'y mga bandang alas otso o alas otso y media, at bibigyan namin sila ng prayer card habang pumapasok sila sa pinto, o kung papaano nila 'yun ipamamahagi. At pagkatapos magkakaroon tayo ng pila para sa pananalangin at mananalangin para sa mga may sakit, at atin lamang matyagan ang gagawin ng Espiritu Santo.

31 Naniniwala po ako na Siya'y gagawa ng mga kababalaghan kung makakapanampalataya lamang tayo sa Kanya, kita n'yo. Pero kinakailangan nga natin na sampalatayanan Siya mismo ngayon, nang buong puso natin. At sa tingin ko dumating na talaga ang dakilang sandali na ito na ang Diyos, katulad nga ng sinasaysay natin ngayong umaga, ay nagpamalas na sa atin ng ganoon na lamang kahigit, at dinala tayo sa isang partikular na dako . . . sa isang dako. Na magsusumikap tayong magtumulin sa munting burol na 'yun, at 'yun lang ang dapat n'yong gawin, hayan nga't papunta na roon. Kita n'yo, isang—isang pagkilos gaya noon, siya ring bagay, sa espirituwal na pagkilala, siya ring bagay sa pamamagitan ng propesiya, na dapat matyagan.

32 Nakatayo ako noon sa Calgary . . . Pasensya na po, doon po pala sa lungsod ng reyna, doon sa Regina, Regina. At si Ern Baxter ay nakatayo roon, at naroon ang ilan sa amin. At sinabi sa akin ng Panginoon, sa mismong entablado, "Magaganap, na iyong matatalos ang pinaka lihim ng kanilang puso." At ganun nga ang nangyari. At di ko nga kailanman naisip na ganun ang mangyayari. Lumakad ako dun sa entablado nung gabing 'yun, kasama si Ern, at basta nagsimula lang na manalangin para sa mga may sakit. At hetong parating ang isang lalaki, talagang nalantad sa akin ang buong buhay niya; pinaka unang beses na nangyari 'yun nang ganoon, kailanman, sa isang gawain para sa pagpapagaling. At pagkatapos tumanaw ako sa mga naroon, at heto na ngang unti-unti Itong bumababa sa ibabaw ng mga taong naroroon at lahat. Oh, sa panahon na mararating na rin natin ang kabilang ibayo! Ang kalahati'y di pa naisasaysay, na mga bagay-bagay, na dapat antabayanan, at ang makita ang mga bagay na ito sa buhay ng mga tao. Wala nga akong bagay na maisasaysay tungkol dito. Hinahayaan ko lamang 'yun, kita n'yo, maliban na lang kung ako'y may pagkaantig na magsabi ng isang bagay.

33 At ngayon umaasa ako na itong susunod na ito ay ganoon din ang pagsisimula. Kita n'yo, ang Diyos, sa Kanyang Sariling pamamaraan, Kanyang Sariling oras na itinalaga, para simulan 'yun. At ito nga'y—ito nga'y magiging isang bagay na—na higit na mas dadakila kaysa sa dalawang ito. Kita n'yo? At ako nga'y nananabik na mangyari 'yan.

34 At siguro, naisip ko, kung makakapagdaos ako ng kaunting gawain ng pagpapagaling marahil sa susunod na Linggo. Kung ganoon sa kasunod na Linggo marahil ako'y wala rito't kasama ko ang aking mga anak at sila, dahil kinakailangan na nilang makauwi't magi-eskuwela na uli sila. At pagkatapos nito 'yung kasunod na Linggo naman, ako'y, hayon po, ako'y nasa Chicago n'yan, sa gawain doon. At babalik sa kasunod na Lunes, para makauwi ng Martes papuntang—papuntang Arizona, para sa mga bata sa pagbabalik-eskuwela nila.

35 Buweno, anong sa palagay mo, pastor? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Buweno, may bagay akong natuklasan na para bang kakatwa.”—Pat.] Mabuti, mabuti po 'yan, ngayon gusto nga nating mapakinggan ang tungkol diyan.

36 Kaya naman ngayon pagpalain kayo ng—ng Panginoon, nang lubos, lubos. At ako'y—ako'y umaasa na makikita ko kayo sa susunod na Linggo. At sa Miyerkules ng gabi . . .

37 At pakinggan n'yong maigi. Huwag n'yong kaligtaan ang mga mumunting iglesya rito, kagaya nina Kapatid na Ruddell, Kapatid na Jackson, Kapatid na Parnell, at ang lahat ng mga kalugud-lugod nating mga kapatid na tunay na nagbabata sa iba't ibang dako, kita n'yo. At palagay ang loob nila na tayo'y kanilang—kanilang—kanilang para bang kinakapatid na iglesya rito, kita n'yo. Para nga tayong munting nanay na grupo sa kanila. Haya't dito sila iniluwal, nanggaling dito, mga pastor at iba pa.

38 At ito pong kalugud-lugod na lalaki sa likod dito, kapatid na lalaki, nakatagpo ko siya nung isang gabi sa likod, si Allen, munti kong Kapatid na Allen. Umaasa po ako na si Kapatid na Collins dito ay makakatagpo niya si Kapatid na Allen, kung di pa niya kakilala. Kapwa sila mga ministro sa Methodist, na nakita—nakita ang Katotohanan ng Salita.

39 Na, ang—ang organisasyon ng iglesyang Methodist, na isang mainam na grupo ng mga tao sa iglesyang Methodist. Huwag po kayong magkakamaling isipin na di sila maiinam. Maiinam po sila. Mainam na grupo sila ng mga tao sa iglesya Katoliko. Mainam na grupo sila sa iglesyang Presbyterian. At lahat sila sa iba't ibang dako dun, haya't mga kalalakihan at kababaihan na nakaantabay sa Liwanag na magliliwanag sa kanilang daan. Basta't ituluy-tuloy n'yo lang na pagliwanagin ang Liwanag na ito, sa kababaan ng loob, kaluguran. Lahat tayo'y magsilagong

mas malapit pa sa Diyos, sa pamamagitan ng pagpapakababa ng ating sarili. Kita n'yo?

⁴⁰ Huwag n'yong ipagsawalang-bahala, na ang tabernakulo rito ay maaaring mawalan ng lakas. Alalahanin n'yo na ito'y punterya na iniuumang ni Satanas ang bawat baril sa impyerno na tumutok dito. Magdudulot siya na ang isang tao'y gumawa ng isang bagay na kontra sa iniisip ng isa pa. Ganoon nga ang ginagawa niya. Yun ang pinagkaka-abalahan niya. Ganoon ang gawain niya, na kung magagawa lang niya na pagsabihin ang isang tao ng isang bagay, na pagkuwentuhan ng isang tao ang isa pa, sasabihin, "Buweno, narinig mo na ba, alam mo ba na si *Ganito-ganoon* ay ganito-ganoon ang ginawa?" Huwag kayong makikinig sa ganyan. Huwag na huwag kayong makikinig sa ganyan, ano't anuman. Ang diyablo 'yan. Kita n'yo, si Satanas 'yan. Huwag na huwag kayong magpapadala sa ganyan.

⁴¹ Kung may nagawa ang isang tao na mali, ipanalangin n'yo sila. At huwag din kayong mananalangin na pagmamapuri lang sa sarili ang pakay n'yo, sasabihin, "Alam ko na tungkulin ko ito, kinakailangan ko talagang ipagdasal ang kapatid na ito." Isapuso n'yo, nang husto, para sa kapatid na 'yun. At makipag-usap lang at maging kalugud-lugod, at malalaman n'yo na lang, naiakay n'yo na sila pabalik sa gawain uli. Kita n'yo? Dahil, sa huli, lahat naman tayo'y tutugaygay sa paglubog ng araw.

⁴² Ang Panginoong Jesus ay darating isa sa mga araw na ito. At, alam n'yo, iniisip ko na magiging mabilis 'yun at magiging tunay na—tunay na malumay, na hayan nga't isang daang por- . . . isang daang bahagi ng isang daang porsiyento ng buong mundo ang di mamamalayan na ang Pag-agaw ay nangyari na. Magiging palihim 'yun na walang kahit sino ang makakaalam tungkol dun. Kita n'yo?

⁴³ At may mga, hayan nga, maliliit na grupo na magsasabi, "Buweno, ngayon, sina *Ganito-ganoon*?"

⁴⁴ "Oh, sinasabi nila na 'yung panatikong grupo sa dako roon, sinasabi na 'yung grupong 'yun ay bigla na lang nawala dun, at sila. . . Di 'yun totoo. Nagpunta lang sila sa kung saan. Marami na tayong nakitang ganyan na pagkapanatiko, kita n'yo."

⁴⁵ "Buweno, sinasabi nila na 'yung maliit na tabernakulo dun, sa isang lugar dun na kung tawagin ay Jeffersonville, marami raw sa mga miyembro nila roon ang nawawala."

⁴⁶ Kita n'yo, di nila 'yun bibigyan ng importansya. Sasabihin nila, "Oh, walang kabuluhan 'yan, kita n'yo," parang ganoon, at mapapalampas nila Ito at di nila 'yun mamamalayan.

⁴⁷ Sa buong bansa, hahantong, na ang lahat ng mga namatay kay Cristo ay unang babangon. Magaganap ang Pag-agaw, ang Iglesia'y aagawin patungo sa Tahanan. At pagkatapos papasok na ang Kapighatian, at, oh, grabe, di nga natin gugustuhin na maiwan tayo sa panahon na 'yan. Di ko nanaisin na narito pa

ako sa Kapighatian. Hindi. Huwag nawang itulot ng Diyos na maski isa man sa atin dito ay maiwan sa panahong 'yan. Dahil, "Ang marumi ay magpapaka rumi pa; ang banal ay magpapaka banal pa; ang matuwid ay magpapaka tuwid pa." Walang kahit sino. . . Ang Cordero ay darating na n'yan dala-dala ang Aklat Niya ng Pagkatubos, at ang Nobya ay inagaw na. Sila na mga nagsitanggi Dito ay dadanas ng panahon ng Kapighatian, Judio man at Gentil. Kalunos-lunos na panahon ang Kapighatian! Di ko nanaisin na nariyan ako.

48 "Panginoon, papagbanalin mo ako ngayon." Isa nga 'yang mainam na doktrinang Nazarene, hindi po ba? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Amen."—Pat.] At totoo, rin. Totoo po ito. Siyanga. "Puspusin Mo po ako ngayon ng Iyong Espiritu Santo, Panginoon. Iyong sairin ang buong pagkamakasanlibutan mula sa akin ngayon, Panginoon. Huwag—huwag Mo pong itulot na kami'y . . ."

49 Tulad ng sinabi noon ng isang matandang itim na kapatid na lalaki, "Gino, hawak-hawak ko na sa kamay ko ang tiket ko. Binutasan na ito. Para sa pagdako ko sa ilog, sa umaga na 'yun, ayaw kong may aberya pa."

50 Kaya, tama naman talaga 'yun, ayaw kong—ayaw kong may aberya pa. Hawakan mong mainam ang tiket sa iyong kamay, dahil tayo'y tatawid na roon. Haya't pagka-isipin n'yo 'yun, ang dakilang oras ng pagtutubos ay nalalapat na.

51 At ngayon isa pa palang bagay. Si Kapatid, ano nga uli ang pangalan niya, 'yung taga-rito sa may Utica? Sa palagay ko si Kapatid na Graham, at isa pang kapatid na lalaki sa dakong 'yun na nagpapastor doon. Parang Kapatid na Shanks po yata o parang ganun, o Sink po yata? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Kapatid na Snelling."—Pat.] Si Kapatid na Snelling nga ang pastor, tama. Si Kapatid na Snelling ang pastor dun sa Utica ngayon. Sa palagay ko ang gawain nila para sa pananalangin ay sa. . . ["Huwebes ng gabi."] Huwebes ng gabi. Ngayon, alam n'yo ba, na magiging kalugud-lugod kung makakapunta tayo roon ng Huwebes ng gabi at magbahagi sa mga kapatid doon ng kaunting pagbubuklod. Kita n'yo? At kung puwede rin kina Kapatid na Jackson, sa mga araw na nagdaraos naman siya, kung magagawa nga natin na bumuo ng maliit na grupo na magsasama-sama't magpupunta roon.

52 Basta't lagi lang pong manalangin, maghukay lang nang maghukay! Siyanga, huwag pong tumigil. Katulad nga noong sabihin sa kanila ni Elias, sabi, "Maghukay kayo riyon!"

Sa pagpapakababa n'yo, may matatamaan kayong lumang lata, sasabihin n'yo ba, "Pagod na pagod na ako"? Alisin n'yo ito sa pagkakaharang diyan at magtuluy-tuloy sa paghuhukay. Kita n'yo? Patuloy lang sa paghuhukay, dahil kinakailangan nating maghukay. Kailangan talaga nating maghukay, ganoon

nga. Dahil, kung kayo'y—kung kayo'y umaasa na hindi n'yo na dadanasin ang Kapighatian, magsimula na kayong maghukay nang maghukay.

⁵³ At ngayon, maging para sa aking sarili, ipinapangaral ko ang bagay na 'yan maging sa aking sarili. Magsisimula na nga akong maghukay nang mas malalim sa nahukay ko na. Dahil, nararamdaman ko, na sa buong bansa't buong mundo, itong pagmi-ministryong ito ay lalaganap uli, kung papaanong ito'y napakilala sa bawat lupalop sa buong mundo. Ako'y—ako'y hahayo uli.

⁵⁴ Sabi sa akin ng maybahay ko. . . Nung isang umaga, sabi ko, “Gusto kong sumama ka sa akin sa pag-alis ko. Luluwas ako ng mga bandang Enero, kung loobin ng Panginoon. Gusto kong makakumpleto ng isang buong pag-ikot sa buong mundo, buong pag-ikot; babalik at marahil magdadaos ng ilang gawain sa Estados Unidos, sa susunod na tag-araw marahil.

At sabi niya, “Masyado na akong matanda para bumiyaha.”

⁵⁵ “Buweno,” sabi ko, “Yung huling pagpunta ko ay nung ako ay. . . 'yung huling biyahe ko sa ibayong-dagat ay nasa walong taon na ang nakararaan, at ang pakiramdam ko nga ngayon ay nasa mas mabuti akong kondisyon kaysa nung walong taon ang nakararaan, alam mo? Kita mo? Mas higit na ang nalalaman ko tungkol dito ngayon.”

⁵⁶ At pagkatapos napunta kami sa paksang, “Kung sabihin ng Panginoon, 'Bibigyan Kita ng dalawampu't limang taon. Di ka manghihina. Magkakaroon ka ng lakas, haya't bibigyan Kita ng dalawampu't limang taon sa lupa,' ang pipiliin mo ba ay mula—mula kapanganakan hanggang magdalawampu't lima, o mula dalawampu't lima hanggang magsingkuwenta, singkuwenta hanggang magsitenta y singko, o sitenta y singko hanggang magsangdaan?”

⁵⁷ Ngayon, sinumang tao na bibigyan ng ganyang panahon sa lupa, ay sa malamang gagawin niya ang pinaka padalos-dalos na bagay na magagawa niya kung hindi niya gugugulin ang panahon na 'yan sa paglilingkod sa Diyos. Di ko alintana ano pa man ang ginagawa ng taong 'yan.

⁵⁸ Ngayon, kung gusto n'yong maging lalaki na nagpapaiyak ng maraming babae, o kung ano man, ang pipiliin mo nga ay 'yung kabataang edad, 'yung unang dalawampu't lima. Kita n'yo?

⁵⁹ Pero kung ang gusto n'yo ay maging karpintero, mekaniko, o ano, ang pipiliin n'yo nga ay 'yung ikalawang dalawampu't lima. Kita n'yo?

⁶⁰ Pagkatapos naisip ko ang sarili ko, “Ano naman kaya ako? Alin dun ang pipiliin ko?” Pipiliin ko po 'yung sitenta y singko hanggang sangdaan. Mas magiging maalam ako, matalino. Mas matatag. Mas maalam ako sa ginagawa ko. Ako'y sampu, walo

o sampung, taon na mas matanda kaysa sa nung huli akong nagpunta sa ibayong-dagat. Di na nga ako basta-basta sasabak na lang na parang pumapatay ako ng mga ahas. Mas maalam na ako tungkol diyan, kita n'yo. Alam ko na ang gagawin ko.

⁶¹ Kumbaga sa aso ng mangangaso na nakikipagbuno sa isang raccoon, kita n'yo. Mas magiging maalam ka kung papaano mo siya susunggaban. Di ka lang basta lulundag dun; makakalmot ka. Kita n'yo, mas maalam ka na sa mga taktika niya at mas magiging mapagbantay ka sa mga kilos niya. At mas marami tayong nalalaman tungkol sa kaaway. Kaya malalaman natin ang lahat ng taktika niya, at kung papaano siya umaatake, at kung anong kilos niya, at malalaman natin ang mga bigwas niya, hayan nga't may pagsasanay ka na para makipagtuos sa kanya, kita n'yo.

⁶² “Kaya naniniwala ako ngayon,” sabi ko sa maybahay ko, “naniniwala ako na nasa mas mabuting kondisyon ako ngayon kaysa noon na ako'y kuwarenta anyos, at mas gumanda pa nga ang lagay ko.” Kita n'yo, at singkuwenta y kuwatro na ako. At naniniwala ako, kung mabubuhay pa ako at kakayanin ko pang humayo nang kasing inam sa nagagawa ko ngayon, kapag ako'y sangdaan na, kung ako'y . . . kung si Jesus ay magtatagal pa ng matagal, ako nga'y nasa mas mabuting kalagayan sa panahon na 'yan kaysa sa kondisyon ko ngayon, para humayo. Kita n'yo? Dahil, mas maalam na kayo sa bagay na 'yun, mas maalam na kayo sa kung ano bang dapat gawin, at kung papaano n'yo 'yun pangangasiwaan, papaano pangangasiwaan ang situwasyon.

⁶³ Ipagpahalimbawa na lang natin ang maraming tao ngayon, halimbawa sila'y ooperahan. “Ang balita'y may bagong doktor daw na katatapos lang nung isang araw, at kalalabas lang ng eskuwelahan ng mga doktor. Hindi pa siya nakakapag-opera sa buong buhay niya. Siya raw ang mag-oopera.”

⁶⁴ “Oh, hindi,” sasabihin n'yo, “huwag naman. Huwag ang taong 'yun. Huwag, po. Haya't, hindi, talaga. Huwag na huwag kong malalaman na mag-uumang siya kahit isang kagamitang panghiwa lang sa akin. Buweno, mas pipiliin kong maoperahan dito't magpaopera kay *Ganito-ganoon*. Nabalitaan ko kasi na marami na siyang naisagawang pag-oopera. Alam na alam niya kung papaano 'yun gawin.” Ganoon nga, kita n'yo. Yun po ang pinaka punto.

⁶⁵ Isipin n'yo naman sa ganitong aspeto, haya't papaano kaya kung tungkol sa kaluluwa na? Mas gugustuhin ko nga ang isang tao na batid niya talaga kung nasaan siya, at alam niya ang daan; 'yung nakapaglakbay na roon. Siyanga, naman.

⁶⁶ Pagpalain kayo ng Diyos. Sige, Kapatid na Neville, halina po kayo rito sa itaas. At pagpalain ng Diyos si Kapatid na Neville. Huwag na huwag n'yo pong kalimutan, sa susunod na Linggo.

67 [Nagsasalita si Kapatid na Neville patungkol kina Kapatid na Branham at Kapatid na Vayle nang isang minuto, at tapos ay sinabi niya ito, “At nagagalak nga ako na tanggapin nang malugod ang mga ministro ng Diyos, lalong-lalo na sa kanila na mga sama-samang nakikipagtulungan sa pagtaguyod Nito, at sa kanila na kalakip Dito na kasa-kasama natin ngayon. Ako nga’y nagagalak na makapakinig mula sa kanila.”—Pat.] Amen. [“Kaya tinanong ko si Doktor Lee Vayle, sabi ko, ‘Maaari ka bang makapangaral sakaling di makapangaral si Kapatid na Branham?’ At hindi naman nangaral si Kapatid na Branham ngayon. Siguro nalaman niya ito.”]

Hindi, hindi ko alam. Hindi rin naman ako nakapangusap nang matagal.

68 [Sinababi ni Kapatid na Neville, “Kaya tinanong ko si Kapatid na Vayle, ngayong gabi, kung maaari nga siyang makapangaral sa atin, sakaling hindi makapangaral si Kapatid na Branham. Dahil siya ay may kaugnayan naman sa kanya sa mga pagtitipon, at kabisado niya ang tungkol sa Daan, tungkol sa Daan na ito. At ikinagagalak nga natin na narito sa atin si Kapatid na Vayle. Kinalulugdan ko siya’t ginagalang gaya ng pagkalugod ko sa iba pang mga ministro, at gaya ng paggalang ko sa iba pa. At kaya kung mamarapatin niyang umakyat dito ngayon at mangusap sa atin, ikinalulugod ko na makapangaral siya.”—Pat.] Amen. [“Pagpalain kayo ng Diyos, at tayo po’y manalangin para kay Kapatid na Vayle. Ang ilan sa inyo ay marahil di pa siya napapakinggan na mangaral, at nagtitiwala ako na inyo po siyang ipapanalangin.”] Oo.

69 Dapat pala di ko kinuha ang lahat ng oras niya. Humihingi po ako ng paumanhin sa mga tagapakinig. Hindi ko po alam, na mayroon, na siya . . . na insikedyul na pala ito. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Vayle.

70 [Sinababi ni Kapatid na Vayle, “Hindi naman iniskedyul. Ang sabi niya, kung ‘di ka lang makapangaral.’ At dumating ka naman.” Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay tumatawa—Pat.] Mabuti. Pero mainam ’yan.

71 Maging ako ay gusto kong makapakinig sa kanya, mismo. Si Kapatid na Vayle po ay makailang beses nang nagsasalita na pambungad sa akin, sa mga pagtitipon, at—at iba pa. Matagal na niyang pinangangasiwaan ang mga pagtitipon, at isa nga siyang mainam na kapatid, napapangasiwaan niya talaga nang maigi ang trabaho. At sigurado po ako na laging ikinagagalak ng mga tagapakinig na mapakinggan si Kapatid na Vayle sa tuwing siya ay magsasalita. Pagpalain ng Diyos si Kapatid na Vayle.

72 [Si Kapatid na Vayle ay nangusap nang pitumpung minuto patungkol sa Marcos 16:15-20 at iba pang mga Kasulatan, na pinamagatang: *Bakit Di Gumagana Ang Marcos 16? At Kung Papaano, Ayon Sa Kasulatan, Ito Pagaganahin*—Pat.]

⁷³ Marami na pong naipangusap na ako'y—ako'y—ako'y hindi na makapagdadagdag pa ng sasabihin para pabutihin pa ito. At ako'y tunay na naniniwala na ang Panginoon ang kumilos para ito ang mensahe na mailahad ni Kapatid na Vayle, matapos ang umagang ito. Kita n'yo, kinakailangan talaga na sa ganoong paraan ang pagkilos nito. Atin—atin 'yung tinatanggap mula sa Diyos. Anupa't, napakarami niyang nabanggit; ako—ako—ako nga'y may dalawampung pangangaral dito na naisulat, mula sa mga bagay na ipinangaral niya.

⁷⁴ Pinagbubulay ko rito ang isang munting pagsasalarawan, para susugan ang sinabi niya. Ngayon, tayo po ay tumitingin sa orasan na ito, para tingnan kung ano na bang oras na. Maliban na ang bawat kasangkapan sa orasan na 'yan ay nagtutugma-tugma, sa isa't isa, hindang-hindi natin malalaman ang tamang oras. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] At kinakailangan nga na dapat lahat tayo, lahat ay sama-sama, kung gusto nating makita ang Ikatlong Hatak na ito, na tunay na may gagawin para sa Diyos, kinakailangan ng pagtutugma-tugma sa isa't isa nang sama-sama, na magawa nating maibaba ang ating mga sarili sa harap ng Diyos at ipahayag ang ating mga kamalian, at manalangin at manampalataya sa Diyos para sa mga bagay na ito.

⁷⁵ Lubos nga akong naniniwala na ang sinabi ni Kapatid na Vayle ay ang Katotohanan, na hindang-hindi ilalagay ng Diyos ang Kanyang Espiritu sa isang di-banal, na di-matuwid, na masuwaying templo. Hindi nga. Kinakailangan na dumaan ito sa—sa paraan ng paglilinis ng ating mga puso mula sa lahat ng daya at katampalasanan, nang sa gayon maging dalisay tayo sa harap ng Diyos, para mapakilos Niya ang Kanyang busilak na Espiritu Santo sa pamamagitan natin, upang papangyarihin ang mga bagay na ito. Iniisip ko—iniisip ko nga, na sa pag-uwi n'yo sa mga tahanan n'yo ngayong gabi, kung maaari lamang na basahin n'yo ang munting Aklat ni Jude, mas marami pa kayong malalaman ngayon tungkol sa bagay na ipinangaral ni Kapatid na Vayle. At ang sabi niya, "Ako'y makikipaglabang masikap dahil sa Pananampalataya na ibinigay na noon sa mga banal." Tinalikuran Ito ng mga tao. Dahil may taong baluktot ang pag-iisip, at kung anu-ano pa, na pumasok at nilinlang sila palayo sa—sa tunay na mga bagay ng Diyos.

⁷⁶ At ang Diyos nga'y makakakilos lamang kung atin Siyang hahayaan na makakilos. At napakarami talagang magagandang bagay, gaya ng sinasabi ko . . .

⁷⁷ Alam n'yo, naghahangad ang tao ng kapangyarihan, at tunay na wala silang kaalam-alam tungkol sa kapangyarihan. Kita n'yo, sila'y—sila'y di nila alam kung ano—ano—ano ba ang nakalakip dun. Ang—ang daan paitaas ay pababa, sa tuwina. Kung ang hangad mo'y kapangyarihan, tingnan mo muna kung gaanong kababa ang makakaya mong pagpapakababa. Iyong

iwaksi nang lubusan ang lahat ng pag-iisip mong makamundo, at magpakababa sa harap ng Diyos, at pagkatapos nga'y may taglay ka nang higit na kapangyarihan kaysa sa taong 'yun na tumatakbo-takbo sa buong gusali at gumagawa ng malalakas na ingay; kita n'yo, dahil nagawa mong gapiin ang iyong sarili, at itagubilin ang iyong sarili kay Cristo, kita n'yo, na maibaba ang iyong sarili sa harap Niya. Tunay na kapangyarihan 'yun.

⁷⁸ Pakitaan n'yo ako ng isang iglesya na mapagpakumbaba, tunay na mapagpakumbaba, hindi 'yung—'yung nagmamataas; isang iglesya, na sadyang malugod, nagpapakababang iglesya, ipapakita ko nga sa inyo ang isang iglesya na kinalulugdan at may kapangyarihan ng Diyos na nakalakip sa kanila. Siyanga. Yun ang bagay na kinakailangan, pagpapakababa, pagiging mapagpakumbaba sa harap ng Diyos, hinahayaan ang Diyos na kumilos sa atin. Hindi kailangan ng kung anu-anong maraming pagkakaingay.

⁷⁹ Kalimitan, gaya ng sabi ng isang magsasaka, sumadya siya minsan sa bukid dala-dala ang karitela niya, at, sa tuwing may madadaan siyang umbok sa kalsada, kumakalampag ang karitela't nagkakaingay. Pero nung bumalik na siya, nadaanan niya 'yung parehong umbok kanina at di na gumawa ng ingay, dahil nakakargahan na siya ng maraming mabubuting bagay.

⁸⁰ Kaya naiisip ko na tamang-tamaga talaga 'yan, kita n'yo, na nararapat lamang na tayo'y makargahan ng mabubuting mga bagay ng Diyos, na ang bunga ng Espiritu ay mapagkilala sa atin. Gaya ng maraming ulit niyang sinasabi sa Unang Mga Taga-Corinto 13 doon, at kung papaanong, doon, "Ibigay ko man ang aking katawan para sunugin, at kamtin ko ang lahat ng mga bagay na ito, datapuwa't kung wala namang pag-ibig; ay wala, walang pakinabang sa akin." Kita n'yo, 'yan nga ang nais nating gawin.

⁸¹ Higit sa anupamang bagay, itong mga indibiduwal nating mga kaluluwa ang may pananagutan tayo sa harap ng Diyos. Kita n'yo, ang—ang mahalaga'y *ikaw* ba ay pupunta sa Langit. Kahit di mo na pagtuunan ng pansin kung *ako* ba, o *siya* ba'y makakapunta. Yung kung *ikaw* ba'y makakapunta, kita n'yo, at sarili mo ang mahalaga. At kinakailangan mong siyasatin ito at dumulog nang may kaluguran sa harap ng Panginoon.

⁸² At sa tuwina'y nasusumpungan ko na ang tao na kanyang ibinababa ang kanyang sarili ay ang tao na itinataas ng Diyos. Kung kukuha ka ng isang tao na nakaliyad ang dibdib at alam ang lahat ng bagay, at di mo siya mapagsabihan ng kung ano man, at siya'y mapagmataas, at—at, buweno, 'yun—'yun 'yung klase ng tao na walang nararating na anuman. Pero kunin n'yo nga itong isang tao na nagpapakababa at lumalakad nang may kaluguran.

⁸³ Kausap ko nga ang isang lalaki nung isang araw, na may pinapangasiwaan na bagong iglesya sa may . . . lumabas siya sa isang organisasyon na dun sila dati nagpasimula. At, buveno, si Kapatid na Boze po ito, at 'yung iglesya na pinapangasiwaan nila noon, 'yun nga'y napaka inam na iglesya sa matagal na panahon, at pinagpala siya ng Panginoon. Kaso ang mga tao ay napadpad sa punto na gusto nilang maging pulido gaya ng iba pa sa kanila, at gustong ibunsod 'yun na maging organisasyon. At nung gawin nila, talagang . . . 'yung mga mapagpakumbaba na mga Cristiano roon ay di 'yun sinang-ayunan. Buong buhay nila, sila'y tinuruan na di sumang-ayon dun, kaya nagsialis sila mula dun. Ngayon mangilan-ngilan din sila, at sila'y pinagpala ng Panginoon na sila'y mayroon nang, nagkaroon na sila ng malaking lugar na uli ngayon, isang bahay-sambahan na kasya ang nasa apat o limang libong tao, at nagpapasimula sila uli.

⁸⁴ At dumulog sila sa akin, at sabi, “Kapatid na Branham,” nakaupo ako rito sa tanggapan, sa tanggapan dito sa simbahan, nung isang araw. At sabi niya, nung isa sa mga nangangasiwa, si Kapatid na Carlson at iba pa, sabi, “Anong gagawin namin?”

⁸⁵ Sabi ko, “Humanap kayo ng isang lalaki na magiging pastor na walang pangalan sa lahat ng denominasyon, 'yung tunay na mainam, tapat, kalugud-lugod, mapagpakumbabang kapatid na lalaki na ipinamumuhay ang ganoong buhay. Ang Diyos na ang bahalang umasikaso sa ibang bagay, kita n'yo.” Sabi ko, “Isang mabuting pastor na pakakainin ang mga tupa, at sadyang mapagpakumbaba at ganoon, haya't ang Diyos na ang bahalang umasikaso sa iba pang bagay. Kung kayo'y . . . Di 'yung kung sinong bigatin na alam-ang-lahat na malakas ang dating, na dapat isaayos daw 'yung *ganito*, at ito raw ay dapat *ganito*, at kung anu-ano ang nilalaktawan.” Sabi ko, “Hinding-hindi 'yun uubra. Malulugmok lang kayo.”

⁸⁶ Ganoon nga, bawat bahagi ng iglesya ay kinakailangan na kumilos nang magkakilakip, at kinakailangan mong gawin ang bahagi mo rito. Kaya heto nga't nakikita na natin ngayon ang panahon na kinabubuhayan natin. Marahil tayo'y mas malapit na kaysa sa inaakala natin.

⁸⁷ Ngayon, kinalulugdan nga natin si Kapatid na Vayle. Di po ba? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Pagpalain ka ng Panginoon, Kapatid na Vayle. Salamat. At pinasasalamat namin ang Panginoon sa paghahatid ng dakilang mensahe na ito sa amin sa gabing ito.

⁸⁸ At may natanggap po ako ritong pabatid, kani-kanina lang. Isa sa mga kapatiran nating babae ay may bagay siyang nais isaysay, isang panaginip. Kung magagawa mo na maisulat 'yun sa akin, kapatid na babae, ako—ako'y . . . Pinagkalooban Niya siya ng mga panaginip na sadyang ganap na totoo. Hindi natin tinatanggap ang lahat ng panaginip. Hindi, hindi. Pero kung ang

mga ito ay sa Diyos, ninanais nga natin na malaman na ito ang Diyos na nangungusap sa atin.

⁸⁹ Kagaya na lang ng papaano kung ang lahat ay pagsasalita na lang sa iba't ibang wika, hindi natin 'yan mapaniniwalaan; pero kung may pagpapaliwanag na dumating na nagsasaysay sa atin ng isang bagay na mangyayari, tapos makikita natin na nangyayari talaga ito, hayan nga't pinasasalamat natin ang Panginoon para rito. Kita n'yo?

⁹⁰ Ninanais natin na panatilihin ang takbo nito na banayad, kalugud-lugod, at nasa pagsasa-ayos ng Diyos. Kaya inyo pong pagkatandaan, na ang inyong bahagi ay marahil 'yung pinaka kuwerdas ng orasan, o marahil 'yung maliit, kung anong maliit na kamay, o kung anong maliit na piyasa, o 'yung gulugod na nagpapaikot, anupaman 'yun, o marahil 'yung mismong mga kamay sa mukha ng orasan, na nagsasabi ng oras. Pero ano pa man 'yan, kinakailangan nang buong paglalakip na pagkilos na tugma sa Ebanghelyo ni Jesus Cristo, para papangyarihin ito.

⁹¹ Haya't pagkaisipin! Kung ang mga kaloob na ito ay sadya ngang dakila, itong sinasabi nating kapangyarihan; haya't ang sabi ni Pablo, "May pananampalataya man ako na magagawa kong pausugin ang isang bundok, at kung wala naman akong pag-ibig, ako'y walang kabuluhan." Pagkaisipin n'yo 'yun.

⁹² At kahit na magagawa nating sabihin, "Buweno, akin—akin mang napag-uunawa . . . Ninanais kong malaman ang Biblia."

⁹³ "Nauunawaan ko man ang lahat ng hiwaga ng Diyos," kita n'yo, "at kahit na magawa ko pa ito at wala namang pag-ibig, wala akong kabuluhan," kita n'yo, "Wala akong patutunguhan kahit saan." Kita n'yo, ang pinaka mahalagang bagay ay, ibigin ang Diyos, at ipagpakumbaba ang sarili rito.

⁹⁴ Ngayon, tunay, na matapos ang lahat ng mga taon na ito sa paghayo sa labas at sa palibot ng mundo, at marami na akong nakasalamuhang iba't ibang tao, siguro naman ay may kaunti akong nalalaman tungkol sa pintuan na papasukan. At kung nagnanais nga kayo na makalapit sa Diyos, huwag na huwag n'yong hahayaan na dumating sa inyo ang mapagmataas na espiritu. Huwag n'yong hayaang makapasok ang masamang pag-iisip. Anupaman ang gawin ng sinuman, kung sila man ay mali, huwag na huwag kayong bubuo ng salimuot laban sa tao na 'yun. Kita n'yo? Sikaping maging kaluguran kayo at mabait. Alalahanin n'yo, inibig kayo ng Diyos nung kayo'y naroon pa sa kasalanan. At kung ang Espiritu ng Diyos ay nasa sa inyo, iibigin at iibigin mo ang tao na 'yun kahit na siya'y nasa mali. Kita n'yo, basta't ipanalangin n'yo sila, at mag-ibigang tunay sa sa isa't isa.

⁹⁵ Higit sa lahat ng anumang bagay, ibigin n'yo ang Diyos at mag-ibigan kayo sa isa't isa. At magpakababa kayo sa Diyos at sa isa't isa, at pagpapalain tayo ng Diyos, at di na natin kayang

isa-isahin kung anu-ano ang Kanyang gagawin. Kadalasan sa tuwing ang isang iglesya ay nagsisimula nang lumago nang lumago sa bilang at lumalaki nang lumalaki, o parang ganoon, hayan nga't sila'y lumalayo sa tunay na bagay, sa tunay na bagay na 'yun.

⁹⁶ Alam n'yo ba na ang nagbubunsod sa mga bagay na ito na mapangyari, ay 'yun ngang noong nagpapasimula pa lang ako at ang Panginoon ay nagpakita sa akin dun sa ilog at sinaysay 'yun? At nakita 'yun ni Kapatid na Vayle, sa pagkakaalala ko, sa isang pahayagan sa Canada, maraming taon na ang lumipas, noong ang Anghel ng Panginoon ay lumitaw dun sa ilog sa dako roon, nailathala 'yun sa Associated Press, "Mahiwagang Liwanag sa ibabaw ng isang lokal na ministro, habang nagbabautismo." At—at alam n'yo ba kung anong nagbunsod nun? Noon ngang nagdaos kami ng pagtitipon sa tolda sa tawid lang ng kalsada, may tolda kami roon na kasya ang halos, oh, dalawampu't limang daang katao, may mga ministro na galing sa iba't ibang dako, at sabi, "Kapatid, hali po kayo rito sandali." Batang-bata pa nga ako noon, parang, oh, batang paslit halos. At ang sabi niya, "Papaano mo napapanatili ang mga taong ito na magkalakip-lakip sila sa isa't isa? Iniibig nila ang bawat isa na . . . Wala pa akong nakikitang katulad nito na ang mga tao'y ganoon na lamang ang pag-ibigan sa isa't isa."

⁹⁷ Ang Panginoon kasi ito. Doon kasi itinatag ang iglesyang ito, sa maka-Diyos, na pag-ibig ng magkakapatid sa isa't isa. Nakita ko mismo sila na nagkakamayan sa isa't isa, sa pag-alis nila sa lugar na 'yun, at nagsisi iyakan na parang mga paslit, dahil maghihiwalayan na sila. Ganoon na lamang ang pag-ibig nila sa isa't isa. At ako nga'y nagpupunta sa kani-kanilang mga tahanan para bisitahin sila, at malimit nga na 'yung Biblia ay nakabuklat nang paganoon at basa ng luha. Magsasama-sama sila, sa gabi, kung saan sina tatay at nanay ay nagkakatipon, at 'yung maliliit nilang anak ay nakapalibot sa sahig, nakaluhod; at sina tatay at nanay ay nakaluhod, umiiyak at nananalangin. Ako nga'y nakatayo nang matagal sa may pinto at naghihintay at naghihintay at naghihintay. At hindi nga sila humihinto sa pananalangin, ako nga'y pupuwesto sa labas mismo ng pinto at magsisimulang manalangin, sa sarili ko, habang hinihintay ko sila, kita n'yo. At ganoon—ganoon nga. At nagmamahalan sila sa isa't isa. Nag-ibigan sila sa isa't isa. Lagi kaming tumatayo noon at inaawit ang lumang awiting ito:

Pagpalain ang taling nagbubuklod
Sa ating mga puso sa pag-ibig na Cristiano;
Ang ating pakikipagtipan sa iisang kaisipan
Ay tulad ng sa Kaitaas-taasan.

Sa panahong tayo'y naghihiwalayan,
Nagdudulot sa atin ng kirot sa kalooban;

Subalit tayo pa rin sa puso'y magkadugtong,
At umaasang sa muli'y magkakatangpo-tagpo.

⁹⁸ Sinasabi ko po ito nang may malaking kagalakan sa aking puso, kay Cristo. Marami sa kanila ang nagsisitulong na sa mga puntod na ito na nakatirik sa paligid ngayong gabi, hinihintay ang dakilang pagkabuhay na mag-uli kung saan magkikita-kita na tayo muli.

⁹⁹ Huwag n'yong hayaan na lumisan ang espiritu na 'yan sa dakong ito! Kung lilisan ito, hayan nga't di ko alintana gaano mang kagaling sa pagsasalita ang inyong pastor, gaano mang kagaling siya sa paghahatid ng Salita ng Diyos, napipighati't naitataboy ang Espiritu ng Diyos. Kita n'yo? Sa panahon na makakaya nating dalhin ang lahat ng bagay sa pagbubuklod, nagkakaunawaan sa isang bagay, at nag-iibigan sa isa't isa, hayan nga't ang Diyos ay kikilos sa atin.

¹⁰⁰ At nanabik nga tayo sa panahon na 'yan, na ang mga taong dadalo rito'y sasabihin, "Kung gusto n'yong makakita ng isang iglesya na tunay na mapagpakumbaba talaga, isang iglesya na tunay na umiibig talaga sa Diyos, dumalaw kayo minsan doon sa tabernakulo at pagmasdan n'yo nga sila. Tingnan n'yo 'yung pagpapahalaga nila sa isa't isa, yaong paggalang; na kapag ang Ebanghelyo ay ipinapangaral, ganun na lamang sila kataimtim, ganun na lamang kaayos ang lahat ng bagay." Tunay, na sa pagkakataon na 'yan ay makakatingin sila at makikita nila ang oras na kinabubuhayan natin. Makikita n'yo ang Espiritu ng Diyos na kumikilos sa gitna n'yo mismo, may dakilang mga tanda't mga kababalaghan at mga bagay-bagay na mangyayari. Kung gumagana ito nang may paglalakip sa isa't isa, sasabihin nga nito ang oras. Pero kung titigil ito sa paggana, hayan nga't ang oras ay titigil, hindi na nito sasabihin kung anong oras na. Kaya kung gusto n'yong malaman kung ano na ang oras na kinabubuhayan natin, mangyaring pasimulan n'yo ang bawat isa na maglakip-lakip na kumikilos sa Ebanghelyo, nag-iibigan sa isa't isa, iniibig ang Diyos, at ang mismong mga kamay nito ang magsasabi kung ano na ang oras na kinabubuhayan natin. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tunay nga. Amen. Pagpalain kayo ng Diyos, nang higit na masagana.

¹⁰¹ Huwag n'yong kalimutan, maghanda para sa sanglinggong ito. At kung may kakilala po kayong sinuman na maysakit na maaaring makapunta rito, sabihin n'yo sa kanila, sa pagpunta nila rito, sabihin, "Kapatid, may gusto sana akong hilingin sa iyo. May idadaos kaming pananalangin para sa mga maysakit, Linggo 'yun ng umaga, dito sa may tabernakulo. At matagal ka nang may sakit, ngayong gusto ko sanang . . ."

"Buweno, gusto kong makapunta. Gustung-gusto ko ngang magpunta noon pa man."

¹⁰² “Ngayon, may napakinggan akong mensahe nung Linggo ng gabi, mula sa isang kapatid dun, na sinasabi dun na dapat tayong magpahayagan ng ating mga pagkakamali sa isa’t isa, at magpanalanginan sa isa’t isa, para tayo’y gumaling. Santiago 5:14, 13, 14, 15, kita mo, kinakailangan nating magpahayagan ng pagkakamali sa isa’t isa bago tayo dumulog ng panalangin. Tama. Magpahayagan ng ating mga pagkakamali sa isa’t isa, at magpanalanginan sa isa’t isa.” Kita n’yo? Kita n’yo, ’yun mismo ang ipinangusap niya ngayong gabi, ipinanunumbalik ang mga banal na ugali na lumakip sa Marcos 16. Paglakipin n’yo ’yun, makukuha n’yo ’yun, at hayan nga’t mangyayari ang mga pagpapagaling.

¹⁰³ Masdan n’yo nga si Jesus, wala nga kayong masasabi kundi isang bigkis ng pag-ibig. Kita n’yo? Siya ang Diyos na nahayag. Siya, ang Diyos, ay inihayag ang Sarili Niya sa Kanya, kaya di na nakapagtataakang nangyayari ang mga himala’t mga bagay-bagay. Ang buhay Niya na may kababaan ng loob, at banal na buhay; ang manggaling sa pagiging Diyos, at maging tao rito sa lupa, para ihayag ang Diyos sa Kanyang Sarili. Yun nga ang katangian Niya na nagpapaging Siya. Lagi kong sinasabi, “Ang nagpaging Diyos kay Jesus, para sa akin, ay ’yung paraan ng pagpapakababa Niya sa Sarili Niya. Siya ay ganoon na lamang kadakila, at sa kabila nun ay nagpapakababa.” Kita n’yo? Tama.

¹⁰⁴ Pagpalain kayo ng Diyos nang mainam. Ngayon tayo po’y magsitayo na, at para sa pagtatapos. Subukan nga natin ’yun, (marahil hindi mo ’yun alam, kapatid na babae), ’yung, *Blest Be The Tie That Binds*. Awitin nga natin ’yun nang isang beses, kung mamarapatin n’yo? Ibigay mo sa amin ang tipa.

Blest be the tie that binds
Our hearts in Christian love;
The fellowship of kindred minds
Is like to that Above.

¹⁰⁵ Ngayon habang inaawit natin ang huling talata rito, tayo po’y maghawakan ng kamay sa isa’t isa sa, “*when we asunder apart*,” at sabihin n’yo lang, “Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Ikinagagalak ko na makaparito kasama ka sa gabing ito.” Kita n’yo, basta parang ganoon, at pagkatapos bumaling kayo sa iba pa sa paligid. Ngayon awitin na natin ito.

When we asunder . . .

Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Neville!

It gives us inward pain;
But we shall still be joined in heart,
And hope to meet again.

¹⁰⁶ Tunay ngang ganoon na lamang kaalab ang pag-ibig natin sa Panginoong Jesus! Hindi po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat] Tunay na . . .


Till we meet!
 Till we meet at Jesus' feet; (till we meet!)
 Till we meet! till we meet!
 God be with you till we meet again!

Ipikit po natin ang ating mga mata, at sadyang awitin 'yan sa Espiritu ngayon.

Till we meet! till we meet!
 Till we meet at Jesus' feet;
 Till we meet! till we meet!
 God be with you till we meet again!

¹⁰⁷ Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo. Tayo nga'y sadyang mga anak, mga anak ng Diyos. Atin pong ihiging ito. [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham at kongregasyon ang, *God Be With You*—Pat.] Oh, sadya ngang dinadala n'yan ang Espiritu ng Diyos sa atin! Nakikinita n'yo ba 'yung unang panahon noon na sila'y nakaupo sa malalaking tipak ng bato?

God be with you till we meet again!

¹⁰⁸ Habang nakayuko ang ating mga ulo, hinihiling ko po kay Kapatid na Allen diyan sa likuran, isang bagong kapatid sa piling natin, na kung maaaring dumulog siya ng pananalangin para sa ating paghihiwa-hiwalay. Kapatid na Allen. 

MANGAGPAKABABA KAYO TAG63-0714E
(Humble Thyself)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Hulyo 14, 1963 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org